

# Oral Inspection *mga tip para sa* Caregivers

Hindi lahat ng seniors ang nakapagsasabi na masakit ang kanilang bibig o 'di-komportable ang pakiramdam nito, bagamat maaaring seryoso ang kanilang sitwasyon. Mahalaga ang inspeksyunin ang bibig upang malaman kung may mga nagsisimulang problema. Maaaring maiwasan ang sakit sa ngipin at ang paglalá nito kapag naagapan nang maaga.

## Tandaan:

- Bago magsimula, tandaang magsuot ng mga guwantes upang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo.
- Gumamit ng flashlight upang mas maiging makita ang loob ng bibig.
- Tanungin kung ok lang na tumingin sa loob ng bibig ng senior. Kausapin sila at sabihin sa kanila kung ano ang iyong ginagawa.
- Tingnan nang maigi ang bibig. Mas madaling makita kung may mga pagbabago sa bibig kapag regular mong tinitingnan ang loob ng bibig. Tingnan kung mayroon mang hindi normal: Pamamaga, pula o puting mantsa, gilagid na nagbago ng kulay o mga sugat na hindi gumagaling makaraan ang ilang araw.
- Talakayin sa isang dental professional ang anumang mga alalahanin. Kung ang isang senior ay nakararanas ng anumang kirot o impeksyon, kontakin ang dentista.
- Regular na bisitahin ang dentista (bawat taon man lamang).



*Isang malusog na bibig na medyo matandâ na at may mantsa. Ang mga gilagid ay pink at hindi tuyô. Ang ngipin ay walang dumi at plaque.*

**Mahalaga!** Ang tip sheet na ito ay isang tool na magagamit ng caregivers upang suportahan ang mabuting oral health. Kung may napansin kang problema o hindi ka sigurado kung normal ang iyong nakikita, magtanong sa isang dental professional.



*Mga retrato ng isang sinus (ipinapakita na may abscess), tuyong tissues at decay, may decay at may biyak na ngipin.*

## Paano isasagawa ang Oral Inspection

Ang malusog na mga **labi** ay dapat makinis, pink, at medyo basa. Maghanap ng mga tuyong bahagi, mga bukol, may bitak na gilid, inflammation, o 'di-normal na kulay.

Ang **malusog na dila** ay dapat pink at medyo basa. Maghanap ng puti-puting coating o anumang pamumula o pamamaga.

Ang malusog na **gilagid at tissues** ay dapat pink, medyo basa, makinis, at walang pagdurugo. Maghanap ng anumang ulcers, mga sugat, pamamaga, pamumula o padurugo. Tanggalin ang pustiso upang inspeksyunin ang ibabaw ng bibig para malaman kung may natatagong iritasyon.

Ang malusog na **ngipin** ay dapat malinis at walang natitirang pagkain, plaque at decay. Maghanap ng pustisong mukhang gamít na, decay (itim o brown na marka) o mga bitak.

Ang **pustiso** ay dapat malinis, mahusay ang fit, at kompleto. Maghanap ng anumang mga bitak, mga hiwa, mga gamít na parte, at pangkalahatang kalinisan. Inspeksyunin ang tissues sa ilalim ng pustiso upang malaman kung may anumang iritasyon.

### At tandaan:

**Pangkalahatang kalinisan:** Itsek ang bibig para sa anumang food particles o dental plaque.

**Mas kaunting laway:** Lubos na mahalaga ang laway para sa isang malusog na bibig. Nakakatulong ito sa pagtanggali ng mikrobyo. Kapag walang laway, maaaring dumami ang tooth decay at sakit ng gilagiid at maaari itong magdulot ng 'di-maginhawang pakiramdam. Tingnan kung mas kaunti ang laway.

**Pananakit:** Tanungin ang senior kung nakararanas siya ng anumang kirot sa kanyang bibig at hayaan siyang ipakita sa iyo kung saan masakit. May napapansin ka bang anumang problema?

Bisitahin ang [yourdentalhealth.ca](http://yourdentalhealth.ca) para sa karagdagang impormasyon at upang tingnan ang isang online educational video.



Isang 'di-malusog na may puti-puting dila.



Isang 'di-malusog na bibig. Ang gilagid ay pula habang may makikitang dumaraming plaque sa ngipin.



Isang sirang pustiso na nagkukulang ng isang ngipin.



British  
Columbia  
Dental  
Association

MEMBER OF THE CANADIAN DENTAL ASSOCIATION

